Napalan, Red Aldray C.

Fil11/B6 – Prof. Jackson Llames

# Balangkas ng Pagsusuri ng Maikling Kwneto

I. Pamagat ng Akda: "Mabangis na Lungsod"

II. May Akda: (bakgrawn ng may akda)

- Si **Efren R. Abueg** ang isa sa mga iginagalang na nobelista, kuwentista, mananaysay, at krititiko ng kaniyang panahon. Kabilang sa kaniyang mga aklat ang *Bugso*, ang kaniyang kauna-unahang koleksiyon ng mga kuwento. Siya rin ang editor at bumuo ng mga antolohiyang gaya ng *Mga Piling Akda ng KADIPAN* (1964); *Mga Agos sa Disyerto* (edisyong 1965, 1974, at 1993); *MANUNULAT: Mga Piling Akdang Pilipino* (1970) at *Parnasong Tagalog ni Alejandro G. Abadilla* (1973).

III. Mga Tauhan:

1. Adong
2. Aling Ebang
3. Bruno

IV. Tagpuan: Sa tapat ng Simbahan ng Quiapo.

V. Galaw ng pagyayari

1. Saglit na kasiglahan.
   Ang lahat ng napalilimos ni Adong ay kinukuha ni Bruno ng hindi man lamang ginusto ni Adong. Ngunit walang magagawa si Adong kung hindi maging malungkot.

2. Pataas na pangyayari.
   Sobra ang takot na naramdaman ni Adong dahil nakita niyang papalapit sa kaniya ang mayabang na si Bruno upang kuhanin ang kanyang mga napalimos na mga pera.

3. Kasukdulan.
   Takot na takot na nagtago si Adong upang hindi siya makita ni Bruno dahil paparating na ito. Pero sinabi ni Aling Ebang na nakita na siya ni Bruno na nagtago.

4. Pababang aksyon.
   Binigay na lamang ni Adong ang perang nalimos dahil natatakot siya baka kung ano ang gawin sa kanya ni Bruno.

5. Wakas.
   Ang Wakas ng akda ay naging mapagbigay pa rin ni Adong kahit na siya ay inaabuso na ni Bruno.

VI. Aral na nakuha mula sa Akda.
- H'wag magpalamon sa kapangyarihan ng mga gahaman. Matuto tayong tumayo at lumaban. Isipin na ang bawat tao ay may karapatan. H'wag yurakan ng karapatan ang mga taong pinagkaitan ng katiwasayan ng buhay.

VII. Mga larawan na nabuo.
- Sa kwentong ito, pinapakita kung paano nagaganap ang isang pambubully ng mga bata sa kapwa nila bata.

VIII. Bahaging pumukaw ng interes.

- Ngunit hindi na niya muling narinig ang basag na tinig. Naramdaman na lamang niya ang malupit na palad ni Bruno. Natulig siya. Nahilo. At pagkaraan ng ilang sandali, hindi na niya naramdaman ang kabangisan sa kapayapaang biglang kumandong sa kanya.

IX. Mga matatalinghagang salita at kahulugan nito.
- Bagol - isa uri ng barya
- Dumantay sa mukha ng mga taong pagal – dumapo sa mukha ng mga taong pagod
- Sa mga taong sa araw-araw ay may bagong lunas na walang bisa – mga taong may bagong pag-asa ngunit hindi naman nagtatagumpay
- Ang gabi ay mabilis na lumatag sa mga gusali – nabalot na ng dilim ang mga gusali
- ang mga tindahang hanggang sa mga huling oras ng gabi'y mailaw at maingay – mga tindahan hindi nawawalan ng tao